Baby + Me

# MAGING MALUSOG

HealthPlan OF SAN MATEO
Healthy is for everyone

## SUBAYBAYAN ANG MGA WELLVISIT AT MILESTONE NG INYONG BABY

Ang mga regular na well visit sa tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (primary care provider o PCP) ng inyong baby ay pagkakataon ninyong makakuha ng ekspertong payong pangkalusugan para sa lahat ng yugto ng kanyang paglaki. Subaybayan kung kailan ang susunod na well-visit ng inyong baby sa kanyang PCP.

**Ang mga well visit ng baby sa loob ng unang 3 taon — tiyaking pupuntahan ninyo ang bawat pagbisita!**

| 1 buwan | 2 buwan | 4 buwan | 6 buwan | 9 buwan | 1 taon (12 buwan) | 15 buwan | 1 ½ taon (18 buwan) | 2 taon (24 buwan) | 2 ½ taon (30 buwan) | 3 taon (36 buwan) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita | ☐ Nakapunta sa Pagbisita |
| Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa |

**Subaybayan at markahan ang mga milestone ng inyong baby mula sa kapanganakan hanggang 3 taon!**

| 2 buwan | 4 buwan | 6 buwan | 9 buwan | 1 taon (12 buwan) | 15 buwan | 1 ½ taon (18 buwan) | 2 taon (24 buwan) | 2 ½ taon (30 buwan) | 3 taon (36 buwan) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Ngumingiti kapag kinakausap o nginingitian siya | Gumagawa ng tunog kapag kinakausap mo siya | Isinusubo ang mga bagay-bagay para tuklasin ang mga ito | Nakakaupo nang hindi hinahawakan | Hinahanap ang mga bagay na nakita niyang itinago mo (laruan sa ilalim ng kumot) | Ginagamit ang mga daliri para sumubo ng pagkain | Sinusubukang magsalita ng tatlo o higit pang salita bukod sa “mama” o “dada” | Itinuturo ang mga bagay sa libro kapag tinanong sa kanya, gaya ng “nasaan ang bear?” | Tinatabihan ang ibang bata kapag naglalaro, o minsan ay nakikipaglaro sa ibang bata | Nakakaguhit ng bilog kapag ipinakita mo sa kanya kung paano |
| ☐ Nagawa ni baby! | ☐ Nagawa ni baby! | ☐ Nagawa ni baby! | ☐ Nagawa ni baby! | ☐ Nagawa ni baby! | ☐ Nagawa ni baby! | ☐ Nagawa ni baby! | ☐ Nagawa ni baby! | ☐ Nagawa ni baby! | ☐ Nagawa ni baby! |
| Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa | Petsa |

## SURIIN ANG PAGLAKI NG INYONG BABY

Ang mga milestone sa paglaki ng inyong baby (tulad ng pagngiti sa unang pagkakataon o ang mga una niyang hakbang) ay mahahalagang sandali ng kanyang buhay. Ang mga ito ay nagbibigay ng mahahalagang palatandaan sa kung paano lumalaki ang inyong anak. Sa bawat well-visit ng inyong baby, kausapin ang tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (primary care provider o PCP) ng inyong baby tungkol sa mga milestone at kung mayroon kayong anumang tanong o alalahanin.

Sa likod na pahina, mayroong ilang milestone na maaari ninyong subaybayan para sa inyong baby simula 2 buwang gulang. Ang Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa mga Sakit (Centers for Disease Control and Prevention o CDC) ay may mga tool para tulungan kayong subaybayan ang lahat ng milestone ng inyong anak, kabilang ang mga sumusunod:

- Maaari ninyong i-download at gamitin nang libre ang Milestone Tracker app: **www.cdc.gov/milestonetracker**.
- Mga printable na tagasubaybay ng milestone sa iba't ibang wika: **www.cdc.gov/ncbddd/actearly/milestones/index.html**.

